

.....

# Pagdalumat sa Piling Sugboanong Balak Tungo sa Pagbuo ng Modelong $S^3L^2$ sa Pagtuturo ng Panulaan

Arnel T. Noval  
*Cebu Technological University*

Nilayon ng pag-aaral na madalumat ang mga pagpapahalaga at kulturang nakapaloob sa piling Sugboanong balak tungo sa pagbuo ng modelong  $S^3L^2$  sa pagtuturo ng panulaan. Ang desinyong ginamit ng pag-aaral ay quali-quantitative na pananaliksik. Pagkatapos ng isinagawang pagdalumat, ipinabalideyt ito gamit ang *W-concordance* upang tayain ang digri ng pagkakasundo ng mga balideytor sa ginawang pagdalumat sa mga balak. Ipinalulutang sa mga piling Sugboanong balak ang mga pagpapahalagang pagpapakatotoo sa sarili, pag-asa, pagmamahal at paggalang sa kababaihan, pagtutulungan, pagiging optimistiko, at pananalig sa pangarap. Natuklasan din ang kulturang mahilig ang mga Sugboanon sa pag-aayos at paggamit ng pampaganda, matatag na paniniwala sa Panginoon, pagpapahalaga sa kababaihan, pagkamapaniwala sa alamat, paghaharana sa panliligaw, at pagpupunyagi. Mula sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang piling Sugboanong balak ay hulwaran ng natatanging pagpapahalaga at mayamang kultura na sumasalamin sa kaakohan ng mga Sugboanon. Ang modelong  $S^3L^2$  (Salok, Sipat, Suri, Lapat, at Lasap) estratehiya sa pagtuturo ng panulaan ay nabuo alinsunod sa masigasig na pagdalumat sa piling Sugboanong balak na makatutulong sa pagpapalaganap, pagtangkilik at preserbasyon ng kultura at pagpapahalagang Sugboanon.

**Mga Susing Salita:** Pagdalumat, Sugboanong Balak, Modelo, Pagtuturo, Panulaan

## PANIMULA

Ang tula ay may mahalagang kontribusyon sa kultura ng isang bansa dahil nagsisilbi itong mabisang sisidlan ng kayamanang pinagmamalaki ng lahing Pilipino sa pamamagitan ng mga titik o simbolo at sining ng paghahabi ng mga salita. Ipinapahayag din ng tula ang kaisipan, damdamin, mensahe o kasaysayan ng isang lipunan. Dagdag pa ni Regalado sa aklat nina Dizon at Gervacio (2016), “ang tula ay kagandahan, diwa, katas, larawan at kabuuang kariktang makikita sa silong ng alinmang langit.”

Sa lalawigan ng Cebu matatagpuan ang pinakamatandang lungsod sa buong Pilipinas at kinikilalang *Queen City of the South*. Isa sa mga ipinagmamalaking genre ng panitikan ng Cebu ay ang Sugboanong Balak. Ang balak ay may katumbas na salin sa Filipino na tula at *poetry* o *poem* naman sa Ingles. Ang mga balak na ito ay kinapapalooban ng mayamang kultura ng mga Sugboanon kaya nararapat lamang na ito ay pangalagaan.

Naobserbahan ng mananaliksik sa kanyang karanasan sa pagtuturo na ang mga Sugboanong Balak ay hindi na tinatangkilik ng makabagong henerasyon. Dahil sa impluwensyang banyaga, tila nagiging dayuhan sa sariling panitikan gaya ng balak ang kabataan. Higit na kinahuhumalingan ng kabataang Sugboanon ang mga babasahing banyaga. Sa larangan naman ng pagtuturo ng Filipino, ang kakulangan ng mga lokal na materyal ang isa sa napakalaking hamong kinakaharap sa layuning nais matamo ng kontekstuwalisasyon sa pagtuturo. Ngunit, ang hamong ito ay maaagapan kung mapag-aaralan at maitatampok ang panitikang pinakaiingatan ng bawat rehiyon gaya na lamang ng Sugboanong Balak. Ayon kay Bernales (2018), kinakailangang bigyang-pansin ang panitikan dahil karamihan sa mga mamamayan ay nakararamdam na hindi ito masyadong napahalalagahan. Mahalagang mabigyang-pokus ang pagsasagawa ng mga gawaing magtataguyod ng kamalayan sa panitikan. Patunay lamang ito na napapanahon na upang bigyan ng tuon ang pagdalumat sa mga Sugboanong balak at maisulong ang pagpapaunlad sa panitikang Sugboanon at maitampok ito sa kurikulum sa tersarya.

Batay sa CHED Memorandum Order bilang 75 serye ng 2017, *Policies, Standards and Guidelines for Bachelor of Secondary Education (BSEd)*, nakatuon ang ilan sa mga program outcome ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino* sa pag-aaral sa wika, kultura, lipunan at panitikan. Ilan sa *program outcomes* ay nagsasaad na ang mga mag-aaral ay (1) nagpapamalal sa mataas na

antas ng kaalaman sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino. (2) Nagpapakita ng malawak at malalim na pag-unawa at kaalaman sa ugnayan ng wika, kultura at lipunan. (3) Nagtataglay ng kaalaman hinggil sa usapin ng kultural at linggwistikong dibirsidad ng bansa. Samakatwid, nilalayan nito na mas palawakin pa ang kaalaman at pagpapahalaga ng mga mag-aaral na medyor sa Filipino sa wika, kultura at panitikan. Bagamat naging opsyonal ang pag-offer ng mga kursong Filipino at Panitikan sa kolehiyo, nagpalabas ng *advisory* ang CHED na nagmumungkahi sa *Higher Education Institutions* na magsagawa ng mga inobatibong reporma sa kani-kanilang kurikulum na naglalayong hasain ang kasanayan ng mga estudyante hindi lamang sa kasanayan sa Filipino kundi maging sa iba pang rehiyonal na wika.

Ang hakbanging ito ng Komisyon sa Mas Mataas na Edukasyon ay alinsunod sa nilalayan ng Departamento ng Edukasyon na maituro ang mga aralin sa wika at panitikan lalo na at isinusulong ng Kagawaran ang pagtuturo ng MTB-MLE. Kaya naman, naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral ay napapanahon at naiiba sa mga nagdaang pag-aaral sapagkat tumutugon ito sa panawagan ng CHED at DepEd na makapagturo gamit ang kontekstwalisado at lokalisadong mga aralin o paksa sa pamamagitan ng pagbuo ng modelong S3L2 estratehiya sa pagtuturo ng panulaan.

Mahalaga ang pag-aaral sa pakikibahagi sa pagsusulong, preserbasyon at pagbabanyuhay sa panitikan ng rehiyon higit lalo sa mga Sugboanong balak. Ito ang nagtulak sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral sa layuning makaambag sa pagpapayaman at preserbasyon at sa pagtuturo ng Panulaang Filipino sa antas tersarya. Ang modelong S<sup>3</sup>L<sup>2</sup> sa pagtuturo ng panulaan ay makakatutulong bilang karagdagang estratehiya sa pagpapahusay ng pagtuturo ng panulaan gamit ang kontekstwalisado at lokalisadong pamamaraan salig sa mga proseso nito gaya ng salok, sipat, suri, lapat at lasap na mga hakbang sa pagtuturo. Ang modelong ito ay nabuo alinsunod sa mga natuklasan batay sa masigasig na pagdalumat ng mananaliksik sa piling Sugboanong balak.

Kinasasangkutan ito ng limang proseso gaya na lamang ng salok (pagkalus), sipat (pagpaniid), suri (pagtuki), lapat (pagdapat) at lasap (pagtagamtam). Ang unang proseso ay ang salok na may kinalaman sa pagkuha ng atensyon ng mga estudyante upang sila ay ganyakin na magbigay-tuon sa talakayan. Sinusundan naman ito ng sipat na nakatuon sa pagbibigay ng bakgrawnd sa pagkakasulat ng tula upang masipat ang mga impluwensiya sa pagkakasulat ng tula gaya na lamang ng mga pangyayari, kultura panahon at iba pang mga salik na naging

inspirasyon sa pagkabuo ng tula o balak. Ang suri naman ay nakasentro sa pagsusuri sa mga sangkap na makikita sa tula gaya na lamang ng paksang-diwa, simbolismo, pagpapahalaga, kultura at matatalinghagang salita. Dagdag naman sa prosesong sinusunod ay ang lapat na naglalayong tayain ang kahusayan at pag-unawa ng mga estudyante matapos ang ginawang mga gawaing sa mga naunang hakbang. Panghuli, ang pagpapahalaga, sa prosesong ito pumapasok ang *valuing*. Sa prosesong ito pinapalalim ang mga pagpapahalagang mamamalas sa mga tula o balak upang lubusan itong madama at maisabuhay ng mga estudyante. Ang modelong ito ay nagbibigay-katugunan sa panawagan na gawing lokalizado at kontekstwalizado ang pamamaraan ng pagtuturo hindi lamang sa mga panitikang nasyonal kundi maging sa mga panitikang rehiyonal gaya ng Sugboanong balak.

Bilang paglalahat, mahalagang maitampok ang mga Sugboanong Balak bilang kabahagi ng panitikang rehiyonal dahil maituturing itong yaman ng Sugbo. Isang yamang kasasalaminan ng kaakuhang Sugboanon, makulay na kultura at patunay lamang ito na ang Sugbo ay may natatanging panitikang kakikitaan ng kahusayan at pagkamalikhain. Binigyang-tuon sa pag-aaral ang pagdalumat sa mga pagpapahalaga at kulturang masisilayan sa mga piling Sugboanong balak. Ang awtput ng pag-aaral na ito ay ang modelong S3L2 sa pagtuturo ng panulaang Filipino na magsisilbing gabay sa mabisang pagtuturo ng panulaan sa antas tersarya.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Pangunahing layunin ng pag-aaral ay madalumat ang piling Sugboanong Balak tungo sa pagbuo ng modelong S3L2 estratehiya sa pagtuturo ng panulaan. Tinitiyak din nito na masuri ang pagpapahalaga at kulturang lutang na lutang sa mga sinuring Sugboanong balak na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing modelo sa pagtuturo ng panulaan.

## DISENYO AT PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK

Ang disenyong ginamit ng pag-aaral ay quali-quantu na pananaliksik. Ayon kina Marzano at De Angelis (2015) na sa edukasyunal na larang sa pag-aaral ng mga katotohanang pang-edukasyonal, ang empirikal na pananaliksik ay kinakailangang gumamit ng iba't ibang lapit na *attributable* sa kwalitatibo at

kwantitatibong metodo. Nakatuon ang kwalitatibong pamamaraan sa anyong *content* analisis o pagsusuring pangnilalaman na isinagawa sa pamamagitan ng masusing pagsisiyasat at paghihimay sa mga piling Sugboanong balak. Tinalakay sa *Writing@CSU* (1997-2004) na ang *content analysis* o pagsusuring pangnilalaman ay isang research tool na ginagamit upang matukoy ang presensya ng mga salita o mga konseptong napapaloob sa teksto o mga lipon ng mga teksto. Binibilang at sinusuri ng mga mananaliksik ang presensya, pagpapakahulugan at ugnayan ng mga salita at mga konsepto na kalaunan ay makabubuo ng inperensya tungkol sa mensaheng nakapaloob sa teksto, sa manunulat, sa awdyens maging ang kultura at panahong kinabibilangan nito. Samantala, ang kwantitatibong aspekto ng pag-aaral ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng pagsuri sa *W-concordance* sa ginawang balidasyon ng tatlong balideytor. Ang mga Sugboanong balak ay dinalumat ayon sa kultura, at pagpapahalagang Sugboanon na hayagang makikita sa mga akda.

Bumuo ang mananaliksik ng instrumento sa pagbalideyt ng pagdalumat sa mga Sugboanong balak. Ang instrumento ay napapalooban ng mga pamantayan sa pagsusuri ng tula kabilang na ang mga pagpapahalaga, at kultura mamamalas sa mga Sugboanong balak. Sinangguni ng mananaliksik ang tatlong balideytor na siyang sumuri sa kahusayan ng pagdalumat na isinagawa. Ang mga balideytor na sinangguni ay kapwa nagtapos ng doktorado at bihasa sa larangan ng panitikan at panunuring pampanitikan. Sinuri ng mga balideytor ang kahusayan ng ginawang pagdalumat ng mananaliksik sa piling Sugboanong balak. Naglalaman din ito ng mga *indicator* bilang batayan ng isasagawang pagbalideyt. Sinuri rin ang balidasyon ng mga balideytor gamit ang *W-concordance* upang matukoy ang digri ng pagkakasundo ng kanilang isinagawang balidasyon. Ang pagdalumat na ito ang magiging batayan ng pagbuo ng awtput na isang modelong  $S^3L^2$  estratehiya sa pagtuturo ng panulaan.

## RESULTA AT DISKUSYON

### Mga Nangingibabaw na Pagpapahalagang Sugboanon

Inilalahad sa talahanayan 1 ang pagdalumat sa mga pagpapahalagang nakapaloob sa mga Sugboanong balak. Ang mga pagpapahalaga ay tumutukoy sa mga katangiang tinataglay o ipinalulutang ng may-akda ng balak na maaaring pamarisan ng mga mambabasa. Binanggit ni Timbreza (2003) na ang

pagpapahalaga ay ang mismong tao. Dagdag pa niya, ang pagpapahalaga ang magpapakilala kung ano o sino ang isang tao. Inilalarawan din ng pagpapahalaga ang uri ng pamumuhay, pagkilos, trabaho, pag-iisip, paraan ng panghuhusga at pagbuo ng mga desisyon ng tao sa kanyang komunidad. Nakalilikha ng mahusay at pantay na desisyon ang isang tao batay sa sistema ng pagpapahalaga ng isang lipunan. Mahalaga ang pagsusuri sa bahaging ito upang mailarawan ang mga pagpapahalagang taglay ng mga taong nauna at mapamarisan ito sa kasalukuyan. Sa pamamagitan ng pagsusuri, napagnilay-nilayan ang mga pagpapahalagang ito at mailayo sa tuluyang pagkalimot nang sa gayon ay muling mailapat at maisabuhay ng mga susunod na henerasyon.

## Talahanayan 1

### *Mga Nangingibabaw na Pagpapahalagang Sugboanon*

Sugboanong Balak	Mga Pagpapahalaga	Taludtod/Saknong
Kinabuhing Sugboanon (1929)	Pagpapakatotoo sa sarili	<i>Ritokiha ang kilay... Itomi ang pilok... Kolori ang aping... Puwahi ang ngabil... Maayo nang bata... Maorag birhen sa kota... Inig-anod sa tina... ay, imagen sa agta!</i>
Bitoon sa Akong Yuta (1931)	Mahalin at gawing katuwang sa buhay ang kababaihan	<i>Sa gusok sa lalaki ikaw dinha linaksi Aron mahimong kauban, makigbinatiay; Aron ka makigsalo sa tibuok kinabuhi</i>
Ang Bakunawa Kaniadto (1936)	Pagtutulungan sa pagtaboy ng kapahamakan	<i>Miahat singgit-basal ang kabataan Kayng bulas bakunawa gidul-an Dakuung tawo miapil sab, kay nagul-an, Basal-singgit, "Buhiing among dulaan."</i>
Dalagang Pilipinhon (1960)	Pagpupursige sa panliligaw	<i>Apan, ay!... ako usa lamang ka tawong mortal, Kabos ug gikawang sa mga bahandi. Apan gihigugma ko ikaw Babayeng Pilipinhon, gikan sa lintunganay sa bulawan kong pagbati...</i>

Ang Gahom sa Awit (1962)

Maging positibo sa buhay

*Kon dughan, napun-an  
Sa tumang kasakit  
Kay dagtom nang langit  
Sa damgong napukan;  
Ang awit  
Nagdalit -  
Ug bag-ong pagbati...*

Kalamposan (1965)

Pananalig sa pangarap

*Kay kanunayng nag-uylap  
sa akong dughan ang isog nga  
pagtuo  
nga sa kapulihay ug sa tantong  
pagpakigharong sa mga  
mapintas nga  
katalagman ako mahidangat ra  
sa imong  
baybayon...*

### KINABUHING SUGBOANON (1929) NI PIUX KABAHR.

Mahihinuha sa balak ang pagpapahalagang *pagpapakatotoo sa sarili*. Hindi man direktang inihahayag sa akda ang pagpapahalagang ito dahil sa satiriko nitong pamamaraan ay malinaw naman ang pagmamatuwid ng persona sa kaugaliang mamamalas sa balak. Makikita ito sa saknong na nasa ibaba:

*Ritokiha ang kilay...*

*Itomi ang pilok...*

*Kolori ang aping...*

*Puwahi ang ngabil...*

*Maayo nang bata...*

*Maorag birhen sa kota...*

*Inig-anod sa tina... ay, imagen sa agta!*

Satiriko ang paraan ng pagpapalutang sa pagpapahalagang pagiging totoo sa sarili sa balak na ito. Walang masama na magmukhang maganda at kanais-nais sa mata ng iba na nagpapakita lamang na ang pagpapahalagang ito ay may kinalaman sa pagpapahalaga sa sarili o *self care* bilang patunay ng paggalang at pagmamahal ng mga Sugboanon sa kanyang sarili. Ang pagiging totoo sa sarili ay daan upang lubusang makilala ang sarili, matukoy ang kahinaan at mga kalakasan. Ipinalulutang din sa balak na nararapat tayong mamuhay ayon sa kung ano ang totoo nating kalagayan, tanggapin ang mga kapintasan linangin ang mga kalakasan.

Namalas sa Sugboanong balak na *Kinabuhing Sugboanonang pagpapahalagang pagpapakatotoo sa sarili*. Ang pagpapahalagang ito ay

magtutulay upang makilala ang sarili at makilala ang mga kahinaan at kalakasan. Ayon kay Cayaco (2004) ang pagpapahalaga ang siyang humuhubog sa tao. Ito ang sanligan ng pagkilos at pagdedesisyon ng isang lahi. Nakikisalamuha ang bawat lahi ayon sa taglay nilang pagpapahalaga. Bawat lahi ay may kanyang-kanyang katangian na minana mula sa sa mga ninuno at pinayayabong upang maipasa sa kasunod na henerasyon. Mapapansin sa Sugboanong balak na inilalahad nito ang mga paraan upang maipakita na nanghihiram lamang upang magmukhang kanais-nais ngunit sa kabilang banda masasalaming din dito ang pagtitiwala sa kapwa at ang pagiging mapagbigay ng mga Sugboanon. Binibigyang-diin nito na ang mga Sugboanon ay nagpakatotoo lamang sa sarili na nagnanais na maging maganda, maayos at presentable sa mata ng ibang tao. Ito marahil ay pagpapakita rin ng pagiging *hospitable* ng mga Sugboanon upang maipahayag sa lahat na ang Cebu ay maganda hindi lamang ang kanyang mga tanawin kundi maging ang kanyang mga mamamayan. Nangangahulugan lamang na ang pagpapahalaga sa balak na ito ay nakaugat na sa mga Sugboanon na naging sanligan nila sa kanilang pagkilos at pagdedesisyon na maaaring ipamana sa bagong henerasyon na huhubog sa kanila upang maging mabuting mamamayan sa hinaharap.

**BITOON SA AKONG YUTA (1931) NI AMANDO OSORIO.** Lutang na lutang sa balak na ito ang pagpapahalagang *mahalin at gawing katuwang sa buhay ang kababaihan*. Sa saknong sa ibaba matutunghayan ang pagpapahalagang ito:

*Sa gusok sa lalaki ikaw dinha linaksi  
Aron mahimong kauban, makigbinatiay;  
Aron ka makigsalo sa tibuok kinabuhi*

Malinaw na ipinahahayag sa saknong na ito ang ugnayan ng babae at lalaki sang-ayon sa pinagmulan. Kung kaya, masasabing ang kababaihan ay katuwang ng kalalakihan sa kanyang paglalakbay sa buhay. Sa mga panahong napanghihinaan ng loob ang kalalakihan, ang kababaihan ang aagapay at magsisilbing inspirasyon upang mapagtagumpayan ang mga hamon sa buhay. Bagamat malinaw na inihahayag sa saknong na hinugot lamang sa tadyang ang babae, binibigyang-diin sa lipunang Sugboanon ang pantay na pagturing sa kababaihan bilang anak, kapatid, kaibigan, magulang, asawa at bilang taong may dignidad.



Ipinalulutang naman sa balak na Bitoon sa Akong Yuta ang pagpapahalagang *mahalin at gawing katuwang sa buhay ang kababaihan*. Ipinapahayag ng pagpapahalagang ito na ang kababaihang Sugboanon ay katuwang ng mga kalalakihan sa kanyang pakikipamuhay at binibigyang-diin din nito ang pantay na pagturing sa kababaihan bilang bahagi ng lipunang Sugboanon. Sinuportahan naman ito sa disertasyon ni Macan (2002) na nakatuklas na ang pag-ibig sa kapwa, at kagandahang-asal ang nangingibabaw na pagpapahalagang may kaugnayan sa pananagutan, tungkulin, pangarap at hangarin ng isang tao. Bagamat hindi maiiwasan ang mga pangyayaring may kaugnayan sa hindi pantay na pagturing at pang-aabuso sa kababaihan, hindi ito sumasalamin sa pangkalahatang lipunang Sugboanon. Nangangahulugan lamang ito na ang pagpapahalagang nangingibabaw sa balak na ito ay nagpapakita rin ng pagpapahalaga sa kapwa bilang bahagi ng isang maunlad na lipunan. Ang pantay na pagtingin sa kababaihan ay nagpapahayag ng paggalang, pananagutan at tungkulin upang kilalanin ang kanilang natatanging kakayahan na may malaking ambag sa pagpapaunlad ng lipunang Sugboanon.

**ANG BAKUNAWA KANIADTO (1936) NICANUTO C. LIM.** Mamamalas sa Sugboanong balak na ito ang pagpapahalagang kaugnay sa *pagtutulungan sa pagtaboy ng kapahamakan*. Matutunghayan ito sa saknong na:

*Miahat singgit-basal ang kabataan  
Kayng bulas bakunawa gidul-an  
Dakuung tawo miapil sab, kay nagul-an,  
Basal-singgit, "Buhiing among dulaan."*

Namamayani sa saknong na inilahad ang pagkakaisa at pagtutulungan ng kabataan at nakatatanda sa pagtaboy sa bakunawa na sumisimbolo sa kapahamakan. Sa kontekstong Pilipino, sa panahon ng sakuna at iba pang kalamidad, ang pag-iral ng pagkakaisa at pagtutulungan ay buhay na buhay sa panahon ng pangangailangan. Kagaya ng ipinakitang pagpapahalaga sa saknong, ang mga Sugboanon ay hindi nag-aatubiling makiisa at tumulong sa mga taong higit na nangangailangan. Ang pagpapahalagang ito ay nakaugat sa konsepto ng Bayanihan at nananalaytay pa rin sa ugat ng mga Sugboanon. Namalas sa balak na Ang Bakunawa Kaniadto ang pagpapahalagang pagtutulungan sa pagtaboy ng kapahamakan. Para sa mga Sugboanon, tuwing may sakuna at iba pang krisis, ang pagkakaisa at pagtutulungan ay buhay

na buhay at umiiral sa lipunang Sugboanon. Sa pag-aaral ni Varona (2019) nangingibabaw na kahalagahang moral sa pagpapahalaga sa kapwa, pag-iwas sa kasamaan, pagbangon sa pagkakadapa, pagiging matatag at pagkakaroon ng tibay ng loob sa lahat ng pagkakataon. Bagamat may naibabalitang may nanamantala sa panahon ng krisis gaya na lamang ng hoarding na nagdudulot ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin o di kaya ay pagnanakaw sa mga nasunugan at iba pang scam na naibabalita, ito ay hindi sumasalamin sa pagpapahalagang Sugboanon sapagkat ang pagpapahalagang ito ay nagpapakita lamang na ang mga Sugboanon ay may puso para sa mga nangangailangan at handang dumamay sa kanyang kapwa lalo na sa panahon ng sakuna. Nagpapatunay lamang ito na ang pagtutulungan ay pagpapahalagang nagpapakita ng pagmamahal sa sarili at sa kanyang kapwa upang makabangon sa anomang krisis na kinakaharap.

**DALAGANG PILIPINHON (1960) NI CARLOS P. GARCIA.** Mamamalas sa balak na ito ang pagpapahalagang pagpupursige sa panliligaw. Pansinin ang saknong sa ibaba:

*Apan, ay!... ako usa lamang ka tawong mortal,  
 Kabos ug gikawang sa mga bahandi.  
 Apan gihigugma ko ikaw Babayeng Pilipinhon,  
 gikan sa lintunganay sa bulawan kong pagbati...*

Ipinalulutang sa saknong na ito ang pagiging matapat sa nararamdaman at pagsusumikap na maangkin ang pag-ibig ng dalagang Pilipina. Mahihiwatig din sa saknong na malaya ang sinoman na maipahayag ang lahat ng ninanais niyang sabihin batay sa tinitibok ng kanyang puso. Hindi dapat maging mapagpanggap upang magustuhan at mahalina ang isang dalagang Pilipina. Ang tunay na pag-ibig ay wala sa estado ng buhay kundi sa pagiging totoo sa pagkatao at nararamdaman.

Namalas naman sa balak na Dalagang Pilipinhonang pagpapahalagang pagpupursige sa panliligaw. Natukalasan ni Cuyos halaw kay Borlasa (2019) ang namamayaning pagpapahalaga sa akdang patulang sinuri ay ang pagpaparaya, pag-ibig at kagandahang-asal. Ipinalulutang lamang ng pagpapahalagang ito ang katapatan at kadalisayan ng nararamdaman kasabay ang pagnanais na maangkin ang puso ng dalagang Pilipina. Hindi man lahat ng panliligaw ay nauuwi sa masayang relasyon, isinasaad ng pagpapahalagang ito na ang pag-

ibig ng babaeng Sugboanon ay nararapat lamang pagsumikapan sapagkat nagpapakita ito ng mataas na antas ng paggalang sa kanyang pagkatao bilang isang babae. Ang tunay na pag-ibig ay hindi mapagkunwari bagkus ipinapakita nito ang katotohanan at tinatanggap ang anomang kakulangan o kahinaan ng iniibig.

**ANG GAHOM SA AWIT (1962) NI DIOSDADO ALESNA.** Ipinapahayag ng balak na ito ang pagpapahalagang maging positibo sa buhay. Tunghayan ang sакnong na nasa ibaba:

*Kon dughan, napun-an  
Sa tumang kasakit  
Kay dagtom nang langit  
Sa dangong napukan;  
Ang awit  
Nagdalit –  
Ug bag-ong pagbati...*

Mahihinuha sa sакnong na ito na sa pamamagitan ng awit naiimpluwensyahan nito ang tao na mabago ang pananaw at maging positibo sa buhay. Kung ang kalooban ay napupuno ng sama ng loob dahil sa mga pangarap o ninanais na hindi naisakatuparan, maging positibo, huwag mawalan ng pag-asa at manalig na matatamo ang lahat ng ito. Binibigyang-diin sa balak na ito ang gahum ng awit na magdulot ng panibagong damdamin sa mga taong nakararamdam ng sama ng loob, lungkot at pagkabigo tungo sa mas positibong pagtingin sa takbo ng buhay.

Masisilayan sa Ang Gahom sa Awit ang pagpapahalagang maging positibo sa buhay. Mahihinuha sa balak na ito ang gahom ng awit na magkaroon ng positibo sa buhay sa kabila ng sama ng loob, kalungkutan at pagkabigo. Isinasaad ni Orio halaw kina Lagahid at Puyo (2016) na ang mga Cebuano ay lumalaban at bumabangon lalo na sa mga mahihirap na sitwasyon sa pamamagitan ng paningkamot na nangangahulugang pagsusumikap at paglaum o pag-asa. Nangangahulugan lamang ito na ang pagiging positibo ay pagpapahalagang may kaugnayan sa pamumuhay at identidad ng mga Sugboanon. Hindi basta-basta nagpapatinig sa anomang pagsubok ang mga Sugboanon sapagkat mayroon silang pagsusumikap at hindi sila nawawalan ng pag-asa.

**KALAMPOSAN (1965) NI RICARDO I. PATALINJUG.** Hayagang inilalahad sa balak na ito ang pagpapahalagang pananalig sa pangarap sa buhay. Patunay rito ang saknong na nasa ibaba:

*Kay kanunayng nag-uylap  
sa akong dughan ang isog nga pagtuo  
nga sa kapulihay ug sa tantong  
pagpakigharong sa mga mapintas nga  
katalagman ako mahidangat ra sa imong  
baybayon...*

Litaw na litaw sa saknong na ito na ang persona sa balak ay may pananalig sa kanyang mga pangarap sa buhay. Marami mang mga pagsubok na kanyang hinarap na sumubok sa kanyang katatagan, hindi ito naging hadlang upang mangarap bagkus naging daan ito upang palakas pa ang pananalig sa sarili at sa kanyang mga pangarap. Inihahayag din sa balak ang pag-asa at pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay na ang lahat ng kanyang paghihirap ay magbubunga ng matamis na tagumpay. Ang nagtatagumpay ay yaong may pananalig sa sariling kakayahan at mga pangarap.

Hayagang inilalahad sa Sugboanong balak na Kalamposan ang pagpapahalagang pananalig sa pangarap. Inihayag nito ang pag-asa na ang lahat ng kanyang pagpupursige ay magbubunga ng matamis na tagumpay. Natatamo lamang ang tagumpay kung may paniniwala sa sariling kakayahan at pangarap. Napatunayan sa pag-aaral nina Vegafria at Calibayan (2016) na ang mga awiting bayan ay kasasalaman ng mga pagpapahalagang kultural na umiiral pa rin sa lipunan sa kasalukuyan. Nangangahulugan ito na ang pagpapahalagang nadalumat ay mabibilang sa pagpapahalagang kultural ng mga Sugboanon kaugnay sa pananalig sa kanilang mga pangarap tungo sa pagtamo ng tagumpay o kalamposan.

Bilang paglalahat, ang piling Sugboanong balak na dinalumat ay nagpapalutang sa pagpapahalagang may kaugnayan sa pagpapakatotoo sa sarili, pag-asa, pagmamahal at paggalang sa kababaihan, pagtutulungan, pagiging optimistiko, at pananalig sa pangarap.

## Talahanayan 2

### Digri ng Pagkakasundo ng mga Balideytor sa Pagpapahalaga

<b>Pagpapahalaga Indicators</b>	<b>Mean Rank</b>	<b>Kendall's Coefficient W</b>	<b>P-value</b>
Ang mga pagpapahalagang nadalumat ay lutang na lutang	3.00		
Angkop ang paglalarawan sa mga pagpapahalaga	3.67		
Naipakita ang mukha ng buhay	6.33		
May sapat na katibayan sa pagdalumat sa pagpapahalaga	4.33	0.831	0.015
Malinaw ang pagdalumat sa pagpapahalaga	2.00	(Very Good Agreement)	(Significantly Agreed)
Naiugnay ang pagpapahalaga sa lipunang Sugboanon	2.00		
Nakabuo ng makabuluhang implikasyon	7.33		
Napalutang ang kritikal na pagpapakahulugan sa mga implikasyon	7.33		

(Less than 0.20) Poor agreement

(0.21 to 0.40) Fair agreement

(0.41 to 0.60) Moderate agreement

(0.61 to 0.80) Good agreement

(0.81 to 1.00) Very good agreement

Makikita sa talahanayan 2 ang pagkakasundo o agreement sa W-concordance sa mga pagpapahalaga ng isinagawang pagmamarka ng tatlong balideytor na may Kendall's W na 0.831 na nangangahulugang **very good agreement** sa trend ng rating ng mga balideytor at may p-value na 0.015 o **significantly agreed**. Kaugnay rito, malinaw na mahihinuha sa talahanayang ito na may kasunduan sa balidasyon ng mga balideytor hinggil sa pagdalumat sa mga Sugboanong balak.

## Mga Natuklasang Kulturang Sugboanon

Bilang katugunan sa pangalawang suliranin, makikita sa talahanayan 3 ang biswal na presentasyon ng kulturang mamamalas sa Sugboanong balak na sinuri. Binigyang-diin ang paglalahad at pagsusuri sa kultura upang muling mapag-aralan ang natatanging kulturang isinisiwalat ng mga balak. Mahalaga rin itong mapag-aralan upang muling mabalikan at mapag-alaman ang kulturang tunay na maka-Sugboanon, at mapag-aralan ang kulturang Sugboanon.

**KINABUHING SUGBOANON (1929) NI PIUX KABAHAR.** Ipinakita sa balak na ito ang nakasanayang pamumuhay ng mga Sugboanon na *mahilig sa pag-aayos at paggamit ng mga pampanganda* upang makasasabay sa uso at maging kaaya-aya sa paningin ng ibang tao. Pinatutunayan ang kulturang ito sa saknong na nasa ibaba:

*Ritokiha ang kilay...  
 Itomi ang pilok...  
 Kolori ang aping...  
 Puwahi ang ngabil...  
 Maayo nang bata...  
 Maorag birhen sa kota...  
 Inig-anod sa tina... ay, imagen sa agta!*

Lutang na lutang sa saknong na ito ang kultura ng pag-aayos gamit ang pinakamagandang kasuotan at paggamit ng mga pampanganda sa kagustuhang maging kaaya-aya sa sarili na umaabot na sa punto ng pagpapanggap upang makiayon sa kung ano ang uso at hangaan o purihin.

Sa kabilang banda ipinapakita rin nito ang konsepto ng pagpapasigarbo o pagpapakita na ang mga Sugboanon ay may maipagmamalaki hindi lamang sa pisikal na kaanyuan kundi maging sa

### Talahanayan 3

#### Mga Natuklasang Kulturang Sugboanon

Sugboanong Balak	Kultura	Taludtod/Saknong
Kinabuhing Sugboanon (1929)	Mahilig sa pag-aayos at paggamit ng mga pampanganda	<i>Ritokiha ang kilay...                      Itomi ang pilok...                      Kolori ang aping...                      Puwahi ang ngabil...                      Maayo nang bata...                      Maorag birhen sa kota...                      Inig-anod sa tina... ay, imagen sa agta!</i>
Bitoon sa Akong Yuta (1931)	Ang kababaihan ay iginagalang at pinahahalagahan sa lipunang Sugboanon	<i>Ikaw anak nga maaghop, labing matinahuron                      Igsoong mapaubsanon; malulot nga inahan;                      Asawang pinalangga ug mapinalanggaun;                      Higala nga matam-is, may gawing madanohon,                      Binati, hinigugma, yukboan sa tanan</i>

---

Ang Bakunawa Kaniadto (1936)	Pagiging mapaniwalain sa alamat	<i>Kay konong bulan dyutay na may kulang Sa bakunawa, daw kusog mikamang, Pagalamyon, suma's mga tigulang.</i>
Dalagang Pilipinhon (1960)	Ang panghaharana bilang bahagi ng panliligaw	<i>Ug kong mohagtos ang kuldás sa akong kitara ug ang sambagay sa dughan ko mahilom na, ang matam-is mong ngalan, Babaye, sa gihapon maoy halaran sa kataposan kong melodiya.</i>
Ang Gahom sa Awit (1962)	Mahilig ang mga Sugboanon sa awit at pag-awit	<i>Kon dughan, napun-an Sa tumang kasakit Kay dagtom nang langit Sa damgong napukan; Ang awit Nagdalit – Ug bag-ong pagbati...</i>
Kalamposan (1965)	Nagpupunyagi ang mga Sugboanon	<i>Kay kanunayng nag-uylap sa akong dughan ang isog nga pagtuo nga sa kapulihay ug sa tantong pagpakigharong sa mga mapintas nga katalagman ako mahidangat ra sa imong baybayon...</i>

---

kultura na makikita naman sa pagdiriwang ng kapiyestahan halimbawa na lamang nito ay ang Sinulog.

Ipinakita sa balak na *Kinabuhing Sugboanon* ang nakasanayang pamumuhay ng mga Sugboanon, ang kultura ng pag-aayos at paggamit ng mga pampaganda kahit walang-wala upang makasabay sa uso at maging presentable sa paningin ng ibang tao. Ayon kay Borlasa (2019) ang kaalamang pagpapahalaga ay makatutulong ng malaki sa makabuluhang pagpapayaman at pagpapaunlad ng mga kaugaliang Pilipino bilang patnubay sa buhay. Mapagkukunan ito ng magandang aral sa buhay at nasasalamín dito ang mga kaugalian at tradisyon ng bansa. Inihayag din nina Lagahid at Puyo (2016) na ang mga Sugboanon ay may konsepto ng garbo o pagbibigay ng dignidad sa kanilang sosyal na pagkakakilanlan. Ang mga Sugboanon ay hindi magpapatinag kung ang pag-uusapan ay ang *garbo* ngunit ang kalabisan nito ay hindi makabubuti bagkus tinatawag itong *garboso*, negatibong termino na nangangahulugang labis na pagpapasikat o kahambugan. Naipakikita rin ng mga Sugboanon ang kanilang

*garbo* sa pamamagitan ng mga *festival*. Ilang sa mga halimbawa nito ay ang Sarok Festival ng Consolacion, Sinulog na itinuturing na isa sa mga gradyosong pagdiriwang sa bansa bilang paggunita kay Senyor Sto. Niño, Kabkaban Festival at marami pang mga pagdiriwang (Inocian, Callangan, Medrano at Gualiza, 2020). Nangangahulugan lamang ang kulturang nadalumat sa balak na ito na ang pag-aayos ng pinakamagandang postura at palamuti ay hindi lamang naipakikita ng mga Sugboanon sa kanilang pisikal na kaanyuan kundi maging sa kanilang mga makukulay na pagdiriwang na nagsisilbing patnubay sa buhay upang mapayaman ang sarili at maipakilala sa buong bansa ang pagiging Sugboanon.

**BITOON SA AKONG YUTA (1931) NI AMANDO OSORIO.** Namamayani sa akdang ito ang kultura na ang *kababaihan ay iginagalang at pinahahalagahan sa lipunang Sugboanon*. Bahagi na ang mga kababaihan sa pagbuo ng lipunan. Iba't ibang gampanin ang kanilang ginagampanansa gobyerno, ekonomiya, edukasyon, tahanan at sa iba pang gawaing panlipunan. Pansinin ang saknong na nasa ibaba:

*Ikaw anak nga maaghop, labing matinahuron  
 Igoong mapaubsanon; malulot nga inahan;  
 Asawang pinalangga ug mapinalanggaun;  
 Higala nga matam-is, may gawing madanihan,  
 Binati, hinigugma, yukboan sa tanan*

Pinatutunayan ng saknong na ito na ang kababaihan ay tunay na pinahahalagahan sa lipunang Sugboanon. Sa kanyang taglay na pag-uugali at iba pang mga hiyas ng kagandahang asal, siya ay pinakaiingatan at iginagalang ng lahat. Itinuturing ang kababaihan bilang mutya o yamang ipinagmamalaki at nililiyag ng kanyang bayan.

Ang mga Sugboanon ay may mataas na pagtingin sa mga kababaihan. Iginagalang at pinahahalagahan sa lipunan at itinuturing silang bituin sapagkat may mahalaga silang tungkuling ginagampanan na pinatutunayan sa balak na *Bitoon sa Akong Yuta*. Ayon kina Hufana, Banawa, Gervacio, Pantorilla, Sajulga at Tiosen (2018), ang kultura ay nagpapakilala kung sino at ano tayo. Ito ang umiimpluwensiya sa ating kaalaman, paniniwala, at valyu. Ito ang nagbibigay-kahulugan at nagdedetermina sa paraan ng ating pag-iisip, damdamin at pag-uugali. Sa kasalukuyan mayroon pa ring mga balita kaugnay sa pang-aabuso ng



mga kababaihan at kabataan ngunit ang paggalang at pagpapahalaga ng mga Sugboanon sa mga kababaihan ay nananatili pa ring namamayani sa lipunan. Mahihinuha sa kulturang ito na nakaugat na sa kaakohan o pagkatao ng mga Sugboanon ang pagpapahalaga at paggalang sa kababaihan bilang kabahagi ng lipunan.

**ANG BAKUNAWA KANIADTO (1936) NI CANUTO C. LIM.** Ipinalulutang sa Sugboanong balak na ito ang *pagiging mapaniwalain sa alamat* mula sa mga sabi-sabi ng mga nakatatanda noong unang panahon. Mapatutunayan ito sa saknong na inilahad sa ibaba:

*Kay konong bulan dyutay na may kulang  
Sa bakunawa, daw kusog mikamang,  
Pagalamyon, sumas mga tigulang.*

Lutang na lutang sa saknong na ito ang pagkamapaniwalain ng mga Sugboanon sa bakunawa na nakaugat pa sa mga kanuno-nunuan. Sinasabing sa tuwing may eklipse, ang buwan ay pilit na nilalamon ng mala-higanteng halimaw – ang Bakunawa. Labis itong humahanga sa taglay na kagandahan ng buwan kung kaya gumagawa ng ingay ang mga tao upang maitaboy ang Bakunawa.

Ipinalulutang naman sa Sugboanong balak na *Ang Bakunawa Kaniadto* ang kultura ng pagiging mapaniwalain sa mga alamat. Ayon nga kina Perez at Dela Rosa (2015), ipinapakahulugan na ang kultura ay ang pangkalahatang ideya, paniniwala, pagpapahalaga at kaalamang pamana na ating mga ninuno na bumubuo sa kung paano makipagsalamuha sa lipunan at ang kabuoang saklaw ng mga aktibidad at mga ideya ng isang pangkat ng mga tao na nagbabahagian ng iisang tradisyon na ipinasa at ipinamana ng isang pangkat sa isang partikular na sibilisasyon at partikular na panahon. Dagdag pa ni Gascon (2015) na ang mga katutubong panitikan gaya ng mga alamat ay nalinang bilang resulta ng kolektibong pagnanais sa pagpapahayag ng kaisipan, damdamin, mga ideya ukol sa mga bagay-bagay sa paligid na maiuugnay sa interes ng kanilang komunidad. Isinasaad ng kulturang ito ang mayamang pamana ng mga paniniwala ng mga Sugboanon sa mga alamat gaya na lamang ng Bakunawa na naipasa-pasa mula sa mga nakatatanda tungo sa kasalukuyang henerasyon na marapat lamang mapangalagaan dahil nakaugat sa mga alamat na ito ang kultura at pagpapahalagang Sugboanon.

**DALAGANG PILIPINHON (1960) NI CARLOS P. GARCIA.** Sa kulturang Pilipino, *ang panghaharana bilang bahagi ng panliligaw* bilang paraan sa pagpapahayag ng tunay at wagas na pag-ibig sa sinisinta. Sa saknong sa ibaba:

*Ug kong mohagtos ang kuldas sa akong kitara  
 ug ang sambagay sa dughan ko mahilom na,  
 ang matam-is mong ngalan, Babaye, sa gihapon  
 maoy halaran sa kataposan kong melodiya.*

Mahihinuha sa saknong ang panunuyo ng binata sa dalagang Pilipina. Ang panghaharana ang kinasangkapan niya upang maipahayag ang kanyang nararamdaman sa dalagang iniitrog. Ang panghaharana ay tradisyon ng mga Pilipino sa panliligaw o panunuyo. Inilalarawan din sa saknong, ang pagpupursige ng binata at paglalakas-loob na mangharana ng isang awit ng pag-ibig at ialay ito sa dilag na sumungkit ng kanyang puso.

Matutunghayan naman sa balak na *Dalagang Pilipinhon* ang panghaharana bilang tradisyunal na pamamaraan ng mga Sebvano sa panliligaw. Sa pamamagitan nito, mabisang naipapahayag ng isang binata ang kanyang tunay na nararamdaman sa isang dalaga. Inaalayan niya ng awitin ng pag-ibig ang sinisinta upang maipakita at maipadama ang kanyang puro at walang kapantay na pag-ibig. Binanggit sa aklat ni Alunan (2015) na ang paghaharana ay bahagi ng panliligaw. Ang isang binata, kasama ang kanyang mga kaibigan ay bumibisita sa isang dalaga gabi-gabi at kumakanta sa kanyang mga bintana. Kung papayagan ng kanyang mga magulang, binubuksan niya ang kanyang bintana at inaaaliw ang mga bisita. Maaari siyang mahimok na kumanta bilang tugon sa kantang inaawit ng pangkat para sa kanya. Iyon ang magiging hudyat na naging matagumpay ang panghaharana. Kung hindi naman, ang ang binata ay maiiwan sa malamig at madilim na gabi; ang masaklap pa ay maaari siyang pagalitan ng mga magulang ng dalaga o bulyawan ng mga kapitbahay. Nangangahulugan lamang ang kulturang ito sa romantikong pamamaraan ng panliligaw ng mga Sugboanon na idinadaan sa sining ng paghaharana upang ihandog sa babaeng pinakanililiyag.

**ANG GAHOM SA AWIT (1962) NI DIOSDADO ALESNA.** Mahihinuha sa balak na *mahilig ang mga Sugboanon sa awit* at pag-awit bilang bahagi ng kanilang kultura at maging sa personal na pamumuhay. Mababakas ito sa saknong na inilalahad sa ibaba:

*Kon dughan, napun-an*  
*Sa tumang kasakit*  
*Kay dagtom nang langit*  
*Sa damgong napukan;*  
*Ang awit*  
*Nagdalit –*  
*Ug bag-ong pagbati...*

Sa anomang selebrasyon o pagdiriwang ang pagkahilig sa awit at pag-awit ang isa sa mga kultura ng Sugboanon na kukumpleto sa okasyon. Sa kabilang banda, mababanaag sa saknong ang gampanin ng awit sa personal na buhay ng mga Sugboanon. Ang awit ay may taglay na gahom upang baguhin ang pananaw ng mga tagapakinig at magdulot ng positibong pananaw sa buhay. Kaya naman, hindi maikakaila na ang awit o pag-awit ay bahagi na ng kultura ng mga Sugboanon.

Mahihinuha sa balak na *Ang Gahom sa Awit* ang hilig ng mga Sugboanon sa awit at pag-awit bilang bahagi ng kanilang kultura at maging sa personal na pamumuhay. Binanggit naman ni Aguilar (2013), ang kultura ay nagpapakita ng pagkakakilanlan ng bawat pangkat o grupo ng mga tao. Dito rin naipakikita ang pagkakaiba-iba ng bawat pangkat. May kani-kanila silang orihinal na talento sa iba't ibang larangan. Ang mga Sugboanon ay likas na mahilig sa musika, kaya't tanyag ang industriya sa paggawa ng gitara sa Mactan. Mayaman din ang Sugbo sa mga awiting bayan at awit sa pag-ibig gaya ng mga tanyag na awiting “Matud Nila,” “Usahay,” “Dandansoy, inum tuba laloy” at “Talina, ang kabao balhina.” Isa sa pinakatanyag na pamaskong awitin ay ang “Kasadya ning Taknaa,” ang tono ng Pasko na isinalin sa Tagalog bilang “Ang Pasko ay Sumapit.” Hindi rin pahuhuli ang mga kilalang mahuhusay na mang-aawit na Sugboanon sa bansa gaya nina Pilita Corrales, Sheryn Regis, Manilyn Reynes, Amapola, Morissette Amon, Janine Berdin, Vina Morales, Dulce, Golden Cañedo, Jessica Villarubin at marami pang iba (Escoda, 2018). Ayon nga kay Torralba (2016) na ang pagkanta sa kalahatan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng kaayusan ng isang komunidad, nagugunita rin ng mga kumakanta ang kanilang pagkakakilanlan at mapagbuklod, nagiging daan din ito upang matandaan ang mga ideya at impormasyon, at higit sa lahat nakatutulong din ito bilang anestisya sa panahon ng krisis. Ipinapahayag ng kulturang ito na ang mga Sugboanon ay may natatangi at orihinal na talento sa pag-awit kaya masasabing naging bahagi

na ng pamumuhay ng mga Sugboanon ang pag-awit dahil sa bawat okasyon mula pagkasilang hanggang sa kamatayan ay sinasaliwan nila ito ng mga himig at awitin.

**KALAMPOSAN (1965) NI RICARDO I. PATALINJUG.** Mababatid sa kulturang Pilipino na ang mga hamon sa buhay ay pagsubok lamang sa pananampalataya at sa pagkatao. Isinasalimin ng balak na ito *nagpupunyagi ang mga Sugboanon* na kahit nasusugatan na ay patuloy pa ring kumakayod upang marating ang tugatog ng tagumpay. Lutang na lutang ang kulturang ito sa saknong na nasa ibaba:

*Kay kanunayng nag-uylap  
 sa akong dughan ang isog nga pagtuo  
 nga sa kapulihay ug sa tantong  
 pagpakigharong sa mga mapintas nga  
 katalagman ako mahidangat ra sa imong  
 baybayon...*

Mahihinuha sa saknong na ito ang kultura ng pagiging palaban ng mga Sugboanon sa pagtatamo ng kanilang mga pangarap. Inilalarawan din nito ang pagkakaroon ng positibong pananaw ng mga Sugboanon sa kabila ng hirap na naranasan. Naniniwala ang mga Sugboanon na kahit pa man matagal na panahon ang gugugulin sa pagkamit ng mga pangarap ay hindi kailanman sumuko at mawalan ng pag-asa. Sa kabilang banda, inilahad din sa balak ang pangamba ng persona na baka hindi matupad ang kanyang mga pangarap ngunit ito ay natural na reaksyon o damdamin ng isang tao na magkaroon ng takot o pagdadalawang-isip na baka hindi mabibigang katuparan ang kanyang mithiin.

Isinasalamin ng balak na *Kalamposan* ang kulturang nagpupunyagi ang mga Sugboanon. Ang Sugboanon bilang palabang lahi ay hindi basta-basta sumusukona kahit nasusugatan na ay patuloy pa ring kumakayod upang marating ang tugatog ng tagumpay. Sinasabi na ang panitikan ay kasaysayan ng kaluluwa ng mga mamamayan. Ito ay nangangahulugang nasasalamin sa panitikan ng lahi ang layunin, damdamin, panaginip, pangarap, paniniwala, kaugalian, tradisyon o sa maikling salita “kultura” (Vegafria at Calibayan, 2016). Hindi rin pahuhuli ang mga Sugboanon sa larangan ng isports, kabilang sa mga kinikilalang Cebuano sa larangang ito ay sina Margielyn Didal gold medallist

sa skateboarding, Kiyomi Watanabe three-time SEA Games gold medallist sa Judo, Mary Joy Tabal gold medallist ng 29th SEA Games na ginanap sa Kuala Lumpur, Rinna Babanto sa taekwondo, Rubilen Amit at Warren Kiamco sa billiards, Niño Surban sa cycling, Sepak takraw sina Rheyjhey Ortouste at Metodio Suico, Greg Slaughter, Roger Pogoy, at June Mar Fajardo sa basketbol at Sisi Rondina sa beach volleyball. Mahihinuha sa kulturang ito ang kaugalian ng mga Sugboanon na maging matapang sa lahat ng pagkakataon at maniwala sa kanyang mga pangarap. Ang hindi pagsuko sa panahong may kinakaharap na hamon ay bahagi ng layunin, damdamin, paniniwala at kaugalian ng isang tunay na Sugboanon.

Ang piling Sugboanong balak na sinuri ay kakikitaan ng kulturang natatangi at marapat lamang na mapangalagaan, maisulong at maipamana sa mga susunod na henerasyon. Bilang paglalahat, lutang na lutang sa piling balak ang kultura na mahilig ang mga Sugboanon sa pag-aayos at paggamit ng mga pampanganda, matatag na paniniwala sa Panginoon, pagpapahalaga sa kababaihan, mapaniwalain sa mga alamat, pagtatanggol sa lupang kinalakhanan, paghaharana, may pag-asa, at nagpupunyagi ang mga Sugboanon.

#### Talahanayan 4

##### *Digri ng Pagkakasundo ng mga Balideytor sa Pagdalumat sa Kultura*

Kultura Indicators	Mean Rank	Kendall's Coefficient W	P-value
Nadalumat ng mananaliksik ang kultura	1.00		
Maayos at angkop ang paglalarawan	2.67	0.937	0.006
Naipakita ang mukha ng buhay sa pamamagitan ng kultura	5.00		
Sapat ang mga inilatag na katibayan	3.67		
Malinaw ang pagdalumat sa kultura	6.67		
Naiugnay ang kultura sa lipunang Sugboanon	2.67	(Very Good Agreement)	(Significantly Agreed)
Nakabuo ng makabuluhang implikasyon	7.67		
Napalutang ang kritikal na pagpapakahulugan sa mga implikasyon	6.67		

(Less than 0.20) Poor agreement

(0.21 to 0.40) Fair agreement

(0.41 to 0.60) Moderate agreement

(0.61 to 0.80) Good agreement

(0.81 to 1.00) Very good agreement

Makikita sa talahanayang ito ang pagkakasundo o agreement ngW-concordance sa kultura ng isinagawang pagmamarka ng tatlong balideytor na may Kendall'sW na 0.937 na nangangahulugang *very good agreement* sa trend ng rating ng mga balideytor at may p-value na 0.006 o *significantly agreed*. Inihahayag lamang nito na ang mga balideytor ay may pagkakasundo sa isinagawang balidasyon hinggil sa pagdalumat ng mananaliksik sa mga Sugboanong balak.

## **Modelong S<sup>3</sup>L<sup>2</sup> (Salok, Sipat, Suri, Lapat, Lasap) sa Pagtuturo ng Panulaan**

Kaakibat ng mabilis na pagbabago ang modernong teknolohiya at iba pang impluwensyang banyaga na naging sanhi sa nakapanlulumong pagbaba ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbabasa at pagtangkilik ng sariling panitikan gaya ng mga balak na bahagi ng rehiyonal na panitikan ng bansa.

Kaya marapat lamang na paigtingin at paghusayin ang pagtuturo ng panulaang Filipino upang muling manumbalik ang kawilihan sa pagbabasa at malinang ang kakayahan sa pagsusuri ng tula o balak. Sa ganitong paraan naipadanas sa mga mag-aaral ang diwang naidudulot ng panulaang Filipino bilang isang sining na may kakayahang ipadama, ipaalala at iparanas ang tunay na pagkatao at identidad ng bansa.

Bilang pakikibahagi sa mithiing ito, isinagawa ang awtput hango sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral upang matugunan ang pangangailangan at maiangat ang pagtuturo ng panulaan na nagbibigay puwang sa mga rehiyonal na panitikang gaya ng Sugboanong balak.

Mula sa matiyagang pagbusisi at pagsusuri sa mga Sugboanong balak ayon sa mga suliraning inilahad ng pag-aaral, nabuo ang **Modelong S<sup>3</sup>L<sup>2</sup> Estratehiya sa Pagtuturo ng Panulaan**. Ang Modelong S<sup>3</sup>L<sup>2</sup> ay isang estratehiya na binalangkas at binuo upang mapaghusay pa ang pagtuturo ng panulaang Filipino kabilang na ang mga Sugboanong balak. Ang estratehiyang ito ay kinapapalooban ito ng limang proseso tulad ng mga sumusunod: **Salok, Sipat, Suri, Lapat at Lasap**. Ang unang proseso na **salok** ay kinabibilangan ng marahang pagkuha ng motibasyon o pagganyak sa mga mag-aaral; sinusundan naman ito ng prosesong **sipat** kung saan nagaganap ang pag-aaral sa kaligiran ng tula kabilang na rito ang manunulat, panahon ng pagkakasulat at iba pang mahalagang detalye kaugnay sa pagkakasulat ng tula o balak. Matapos ang salok

at sipat, ang kasunod na proseso ay ang **suri**, kinapapalooban ito ng mga gawain sa pagdalumat ng mga tula gaya na lamang ng paggamit ng grapikong pantulong, maliit na grupong talakayan, pagbabagyuhan-utak at iba pa. Ang prosesong **lapat** naman ay kinasasangkutan ng pagtatasa ng mga kasanayan gamit ang mga awtentikong gawain sa pagtataya kabilang na ang pagsusuri, pagsagot ng mga pagsasanay, paglalapat ng himig, interpretasyon at iba pang mga gawain. Ang huling proseso ay ang **lasap** na may kinalaman sa pagpapahalaga o valuing na isinasagawa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng realisasyon, pagninilay-nilay, repleksyon, reaksyon o paghuhusga batay sa mensahe, aral at bisang natamo mula sa tulang tinalakay. Hinahangad ng mananaliksik na mapalalim at mapag-ibayo ang pagtuturo ng panulaan upang maiangat ang lebel ng pagtangkilik at pagpapahalaga sa ganitong anyo ng akdang pampanitikan.

Ang awtput na ito ay isinakatuparan upang magabayan ang pagtuturo sa kasanayan sa wika at panitikan. Marami man ang hadlang na nagpapabagal sa pagpapayabong sa wika at panitikan hindi ito magiging balakid bagkus makatutulong ito upang hasain at pagtibayin pa ang kalinangan nito. Mahalaga ang Modelong  $S^3L^2$  Estratehiya sa pagtuturo ng panulaang Filipino sapagkat naglalaman ito ng mga gawain na sadyang binalangkas upang mabigyan ng gabay ang pagtuturo sa simpleng pamaraan.

## **Mga Hakbang/Proseso sa Pagpapatupad ng Modelong $S^3L^2$ Estratehiya sa Pagtuturo ng Panulaan**

### **Unang Proseso: Salok (Pagkalus)**

Ang pagkuha ng atensyon ng mga estudyante ay isang mahalagang hakbang upang mahimok sila na maging aktibong partisipante sa oras na nakalaan sa pagtuturo. Ngunit, sa dami ng mga gawaing isinasagawa ng guro tila hindi masyadong nabibigyan ng diin ang pagpapalano sa pagbuo ng mga gawaing pangganyak. Kung kaya, naudyok ang mananaliksik na balangkasin ang unang prosesong pagsalok nang sa gayon ay mabigyan ng karampatang diin ang pagsasaalang-alang sa pangganyak.

Kinasasangkutan ang prosesong ito ng mga gawain bilang paunang panghimok upang mabigyan ng ideya ang mga estudyante sa paksang-diwa at mga salitang napapaloob sa balak naisasagawa ito sa pamamagitan ng paglalahad ng mga tanong na pahapyaw na tatalakay sa kaisipan ng akda at paghahawan

ng mga balakid. Nangangahulugan ang pagsalok bilang pagkuha ng malinis na tubig sa balon, gripo o saanmang mapagkukunan sa pinakamarahan at pinakamaingat na pamaraan upang hindi masayang ang bawat patak ng tubig. Kagaya ng pagsalok, ang prosesong ito ay nakatuon sa marahan at maingat na pamamaraan upang makuha ang atensyon ng mga estudyante at maganyak sila na makinig at magbigay-tuon sa tula o paksang pinag-aaralan. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paghahawan ng mga balakid, pagpapakita ng bidyu, rebyu ng mga nakaraang gawain o paglalahad ng mga nakatatawag-pansing na maging kritikal at malikhain, at sa pamamagitan ng mga gawaing interaktibo. Nilalayan ng yugtong ito na magganyak ang mga estudyante bilang panimulang hakbang sa pagtuturo ng panulaan.

### **Pangalawang Proseso: Sipat (Pagpaniid)**

Nabuo ang prosesong ito bilang pagtugon sa pangangailangang mailarawan ang mga impluwensiya sa pagkakasulat ng tula gaya na lamang ng kultura, at mga pangyayari sa panahon ng pagkasulat. Nakatulong ang mga natuklasang kultura sa dinalumat na balak upang maisaalang-alang ng mga guro ang pananaliksik sa kaligiran ng tula na siyang pinagbatayan sa pagkabuo ng prosesong sipat. Ang pagsipat ay kinasasangkutan ng matamang pagtingin sa isang bagay upang tiyakin ang kaayusan nito. Sa yugtong ito, magaganap ang pagtatalakay sa kaligiran ng tulang tatalakayin kabilang na ang pagkilala sa manunulat ng akda, panahon kung kailan naisulat ang tula, mga pangyayari o mga pagpapaliwanag sa iba pang konsepto na may kaugnayan sa tulang tatalakayin. Maaaring isagawa ito sa pamamagitan ng trivia, pagpapahula, pagpapanood ng bidyu at iba pang laro. Nilalayan nito na maisakonteksto ang pinagmulan ng tula upang lubusang makilala ang detalyeng hindi naisulat sa mismong akda ngunit may malaking impluwensiya sa pagkakasulat nito gaya na lamang ng pagkakakilanlan ng manunulat, panahon ng pagkakasulat, mga pangyayari at iba pang kaugnay na konsepto.

### **Pangatlong Proseso: Suri (Pagtuki)**

Mahalagang kasanayan sa panunuring pampanitikan ay ang pagsusuri upang lubusang maunawaan ang kabuoan ng akdang tinalakay. Batay sa karanasan ng mananaliksik, mahalagang maging malikhain ang guro sa pagbibigay ng mga



gawain dahil kinasasangkutan ito ng komplikadong mga hakbang at masigasig na pagsusuri sa akdang tinalakay. Naudyok ang pagkakabuo ng hakbang na ito batay sa mga natuklasan sa mga pagpapahalaga, at kultura. Ang mga sangkap ng panitikang ito ay iilan lamang sa mga nararapat na pagtuonan ng pansin upang maintindihan nang lubusan ng mga estudyante ang tula. Sa ganitong paraan ang naunawaan ng mga estudyante mula sa teksto ay kanyang maisakonteksto sa pamamagitan ng pagbuo ng personal at makabuluhang karanasang huhubog sa kanyang pagkatao.

Ang yugtong suri ay kinapaplooban ng proseso sa paghihimay o pag-aanalisa ng tula upang mahati sa mas maliliit na mga bahagi sa layuning makabuo ng isang epektibong pag-unawa sa paksa. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng paggamit ng grapikong pantulong, pangkatang gawain, maliit na grupong talakayan, kooperatibong pagkatuto at iba pang interaktibong gawain sa tulong ng teknolohiya na hihimok sa mga estudyante na maging aktibong kasangkot sa kanilang pagkatuto. Nililinaang nito ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsusuri, pag-oorganisa ng mga ideya, kooperasyon, kritikal na pag-iisip, paglutas ng mga problema at malikhaing pag-iisip.

### **Pang-apat na Proseso: Lapat (Pagdapat)**

Mapagtatanto sa karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng panulaan na nakaliligtaan niya ang sistematikong pagpapalano ng mga gawaing susukat sa antas ng pag-unawa ng mga estudyante sa talakayan. Kaya ito ang nag-udyok sa mananaliksik na itampok sa pang-apat na proseso, ang lapat, alinsunod sa mga natuklasan sa pagdalumat samga pagpapahalaga, at kultura. Ang lapat ay nangangahulugang paggamit o pagpraktis ng mga natutunan mula sa tinalakay na aralin sa panulaan. Kinapapalooban ang prosesong ito ng pagtatasa ng mga kasanayan gamit ang mga awtentikong gawain sa pagtataya kabilang na ang pagsusuri, pagsagot ng mga pagsasanay, paglalapat ng himig, interpretasyon at iba pang mga gawain. Nilalayon nito na mataya ang kasanayan sa pagtamo ng mga layunin sa pagkatuto upang makabuo ng paghuhusga sa pagpapatuloy o pagbabalik-turo sa tinalakay na paksa lalo na sa paksang-diwa, simbolismo, mga pagpapahalaga, kultura at matatalinghagang salitang namalas sa piling Sugboanong balak.

### **Panlimang Proseso: Lasap (Pagtagamtam)**

Batay sa naging karanasan ng mananaliksik sa pagtuturo ng panulaan, ang pagpapahalaga o *valuing* ay laging nasa hulihang bahagi ng talakayan kaya naman kung gahol na sa oras ay maisasawalang-bahala na lang o di kaya ay makaliligtaan ng guro. Sa kabilang banda, batay sa ginawang pagdalumat sa mga pagpapahalagang napapaloob sa mga balak maiuugnay ang prosesong lasap na humihimok sa mga guro na palalimin ang pagpapalasp sa mga estudyante sa mga pagpapahalaga o *values* sa mga balak na ito nang sa gayon ay maisabuhay nila ito. Mapapansin din na natatangi ang modelong  $S^3L^2$  dahil binibigyan nito ng puwang ang pagpapahalaga sa pagtuturo ng tula o balak.

Ang konseptong lasap ay nakadikit sa akto ng pagnamnam sa lasa ng pagkain o sa sarap na nararamdaman. Kawangis ng lasap o pagnamnam sa lasa ng isang pagkain o sarap ng nararamdaman, mahalagang malasap ng mga estudyante ang lasa o sarap ng tula bilang aralin na inihanda ng kanya mismong guro. Ang yugtong ito ay kinasasangkutan ng pagpapahalaga o *valuing* na isinasagawa sa pamamagitan ng pagbabahagi ng realisasyon, pagninilay-nilay, repleksyon, reaksyon o paghuhusga batay sa mensahe, aral at bisang natamo mula sa tulang tinalakay.

Bilang pangkalahatan, ang modelong  $S^3L^2$  sa pagtuturo ng panulaan ay magsisilbing ambag ng mananaliksik bilang karagdagang estratehiya sa pagpapahusay ng pagtuturo ng panulaan gamit ang kontekstwalisado at lokalisadong pamamaraan sa pagtuturo.

### **KONGKLUSYON**

Pangunahing layunin ng pag-aaral ay madalumat ang piling Sugboanong Balak tungo sa pagbuo ng modelong  $S^3L^2$  estratehiya sa pagtuturo ng panulaan. Tinitiyak din nito na masuri ang pagpapahalaga at kulturang lutang na lutang sa mga sinuring Sugboanong balak na magsisilbing batayan sa pagbuo ng mungkahing modelo sa pagtuturo ng panulaan.

Matapos ang ginawang pagdalumat sa piling Sugboanong balak, natuklasan ang mga ipinalulutang na pagpapahalagang Sugboanon ay may kaugnayan sa pagpapakatotoo sa sarili, pag-asa, pagmamahal at paggalang sa kababaihan, pagtutulungan, pagiging optimistiko at pananalig sa pangarap. Natuklasan din ang kultura na mahilig ang mga Sugboanon sa pag-aayos at paggamit

ng mga pampanganda, matatag na paniniwala sa Panginoon, pagpapahalaga sa kababaihan, mapaniwalain sa mga alamat, paghaharana bilang bahagi ng panliligaw, may pag-asa, at nagpupunyagi ang mga Sugboanon.

Mula sa mga natuklasan, naisakongklusyon na ang piling Sugboanong balak ay hulwaran ng natatanging pagpapahalaga at mayamang kultura na sumasalamin sa kaakohan ng mga Sugboanon. Ang modelong  $S^3L^2$  (Salok, Sipat, Suri, Lapat, at Lasap) estratehiya sa pagtuturo ng panulaan ay nabuo alinsunod sa masigasig na pagdalumat sa piling Sugboanong balak na makatutulong sa pagpapalaganap, pagtangkilik at preserbasyon ng kultura at pagpapahalagang Sugboanon.

Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, napagnilay-nilay ng mananaliksik ang mga sumusunod na panukala:

1. Sa pagsusuri, gamitin ang mga Sugboanong balak bilang lunsaran ng mga gawaing lilinang sa kasanayan ng mga estudyante at bilang karagdagang materyal ng mga guro sa pagtuturo na kasangkutan ng pagbasa ng ganitong uri ng tula na nakatuon sa mga nangingibabaw na mga paksang-diwa upang lubusan itong maunawaan.
2. Dalumatin ang simbolismo ng mga balak at ituro sa lebel tersarya nang sa gayon ay mapag-aralan ito sa mas mataas na antas na disiplina at talakayin nang malaliman ang mga pagpapahalagang nakapaloob sa balak o tula at gawing lunsaran ng pagnunuring pampanitikan.
3. Ilangkop ang pagtuturo ayon sa konsepto ng kontektwalisasyon at lokalisasyon ng kultura ng mga estudyante upang maiangat ang kanilang lebel ng komprehensyon at maiparanas sa kanila ang direktang karanasang may kaugnayan sa balak na tinalakay.
4. Gamitin ang modelong  $S^3L^2$  estratehiya bilang gabay sa pagtuturo ng panulaan na kinapapalooban ng mga prosesong gaya ng salok, sipat, suri, lapat at lasap na binuo bilang tugon sa kontektwalisado at lokalisadong pagtuturo nang sa gayon ay mapahalagahan ng mga estudyante at malinang pa lalo ang pag-unawa sa genreng ito.

## MGA SANGGUNIAN

Aguilar, B., De Leon, K., & Melo, N. (2013). Kulturang Pilipino. <http://ang-kulturang-pilipino.blogspot.com/2013/09/kultura.html?m=1>

Albuero, E. K. (1988). *Cebuano Poetry/Sugboanong Balak 1940-1988*. Cebuano Studies Center, University of San Carlos sa tulong ng Toyota Foundation.

- Alunan, M. M. (2015). *Sa atong dila: Introduction to Visayan literature*. The University of the Philippines.
- Bernales, R. A. (2018). *Panitikan ng mga rehiyon sa Pilipinas*. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.
- Borlasa, L. R. (2019). *Mga piling nagwaging sugboanong sugilanon: Mga mungkahing banghay-aralin*. (Di-nailathalang disertasyon). Cebu Normal University.
- Cayaco, R. G. (2004). *Limang pelikulang filipino na nagwagi sa Metro Manila Film Festival: Isang pagsusuri*. (Di-nailathalang disertasyon). Cebu Normal University.
- Dizon, R. B. & Gervacio, G. V. (2016). *Ang sining ng pagtula*. Departamento ng Filipino at Iba pang mga Wika, Koehiyo ng mga Sining at Agham Panlipunan, Mindanao State University – Iligan Institute of Technology.
- Escoda, I. T. (2018). Why Cebuanos Think They're Superior People. <http://www.positivelyfilipino.com/magazine/why-cebuanos-think-theyre-superior-people>
- Gascon, D. O. (2015). Oral literary tradition: Manual for K-12 revised curricula on Literature, History, and Social Studies. *International Journal of Languages, Literature and Linguistics*, 1(2), 146-141.
- Hufana, N. L., Banawa, M. J. D., Gervacio, G. V., Pantorilla, C. R., Sajulga, A. C., & Tiosen, R. B. (2018). *Wika at kultura sa mapayapang lipunan*. Malabon City: Mutya Publishing House, Inc.
- Inocian, R. B., Callangan, A. L. I., Medrano, D. R., & Gualiza, W. G. (2020). Cebuano cultural identities: Prospects for culturally responsive pedagogy. *Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education*, 10(1), 44-62.
- Lagahid, P. A. Y & Puyo, N. M. A. (2016). Sugboanong taras: A glimpse of Cebuano personality. *Philippine Journal of Psychology*, 49(1), 73-74.
- Macan, R. S. (2002). *Isang pagsusuring kritikal sa limang piling maikling kwentong Sebwan* (Di-nailathalang disertasyon). Cebu Normal University.
- Marzano, A. R. & De Angelis, V. M. (2015). Quali-quantitative approach in educational research. <https://library.iated.org/view/MARZANO2015QUA>
- Perez, D. R. & Dela Rosa, L. (2015). Palawan Indigenous Dances: Bases for integration of teaching materials for K to 12 curriculum. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 2(4), 51-59.
- Timbreza, F. (2003). *Filipino values today*, Metro Manila: Navotas Press.
- Torralba, J. E. C. (2006). Videoke at Tiis: Kulturang Popular bilang Anestisya sa Krisis. *Malay*, 20(1), 123-137.

Varona, F. A. (2019). Social series ng generation Z: Hulwarang silabus. (Di-nailathalang disertasyon). Cebu Normal University.

Vegafria, L. G. J. & Calibayan, M. L. D. (2016). Cultural values reflected on folk songs of Arumanen Manobo in Barangay Renibon, Pigcawayan North Cotabato, Philippines. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, 3(4), 76-84.

An Introduction to Content Analysis (1997-2004). <http://writing.colostate.edu/references/research/content/pop2a.cfm>

## APENDIKS A

### Banghay-Aralin Gamit ang Modelong S3L2 Modelo sa Pagtuturo ng Panulaan

#### I. Layunin sa Pagkatuto

**Kaalaman:** Naipaliliwanag ang mga pangyayari sa balak na tinalakay,

**Kasanayan:** nakabubuo ng programang pangkultura na naglalaman ng mga gawain sa pagsusulong ng lokal kultura; at

**Kaasalan:** Napahahalagahan ang mga paniniwala, pamahiin, mga alamat at iba pang panitkang lokal.

**Pagpapahalaga:** Paggalang sa lokal na kultura at panitikan tulad ng balak

#### II. Nilalaman:

Bakunawa Kaniadto (1936) ni Canuto C. Lim

Alburo, E. K. (1993). Cebuano Poetry/Sugboanong Balak 1940-1988. Cebu City: Cebuano Studies Center, University of San Carlos sa tulong ng Toyota Foundation.

#### III. Mga Kagamitang Pampagtuturo:

Laptop, projector, Powerpoint presentation, kopya ng tula

#### IV. Pamamaraan:

##### A. Salok

1. Panalangin
2. Pangangasiwa sa klase bilang paaghahanda sa talakayan.
3. Panonood ng bidyu hinggil sa “Alamat: Ang Bakunawa at ang Pitong Buwan



Mula sa <https://youtu.be/3IHledCP9XU>

4. Matapos ng panood sa bidyu, magsasagawa ang guro ng maikling pagbabahagian sa klase.
5. Paghahawan ng balakid sa balak na tatalakayin

### B. *Sipat*

1. Bilang pagsisimula, lilahad ng guro ang kuntil-butil ukol sa mga sumusunod:

#### KUNTIL-BUTIL

**Bakunawa**

**Manunulat ng Balak**



**Mga Pamahin at  
Paniniwalang Sugnoanon**

2. Magtatawag ang guro ng estudyante upang magbigay ng kanilang ideya/reaksyon/suhestiyon ukol sa mga impormasyong ibinahagi ng guro.

### C. *Suri*

1. Ipamamahagi ng guro ang kopya ng balak na pinamagatang “Ang

Bakunawa Kaniadto” ni Canuto C. Lim.

2. Papangkatin ng guro ang klase sa lima at ipasuri niya ang balak sa pamamagitan ng isang malikhaing presentasyon.
3. Pagsusuri sa pamamagitan ng Malikhaing Presentasyon. Pipili lamang ang bawat pangkat ng isang malikhaing presentasyon ng kanilang isasakatuparan.
  - a. Balaktaktakan – pagtatalo na may himig patula
  - b. Tanghal-Tula – ito ay showdown ng bawat pangkat sa pag-awit, paghihimig ng tula, tula’t sayawan at iba pang interpretasyon
  - c. Lights... Kamera... Tula... Aksyon – Isasadula ng mga estudyante ang mga pangyayari sa tula at iniuugnay niya ito sa kasalukuyang mga pangyayari sa kanya mismong kinabibilangang lipunan
4. Sa bawat performans ay magkakaroon ng malayang talakayan upang bigyan ng pagkakataon ang piling estudyante na magkomento o magbigay-puna sa pangkalahatang performans ng pangkat.

#### **D. Lapat**

1. Gawain: COOLTura  
Sa gawaing ito, maghahanda ang guro ng limang larawan ng bahay-kubo na may iba’t ibang katanungan.
2. Sasagutin ng mga estudyante ang mga tanong kaugnay sa balak na sinuri. Ang sinomang hindi makasasagot ay magbabahagi ng sagisag-kultura ng kanilang lokalidad at ilalarawan niya ito sa pinakamaikling pamamaraan.



#### **Gabay na Tanong:**

1. Bakit nagkagulo ang mga mamamayan sa balak?
2. Batay sa balak na sinuri, paano itinaboy ng mga tao ang Bakunawa?
3. Anong kultura ang mahihiwatig sa balak na ito? Ipalawanag.
4. Sa paanong paraan ipinakita ng mga tao ang pagpapahalagang Sugboanon? Patunayan.
5. Naniniwala ka ba na mahalagang salik sa pamumuhay ng tao at lipunan ang pangangalaga sa mga alamat?

**E. Lasap**

1. Magsusulat ang lahat ng mga estudyante ng “Isang Minutong Papel” ukol sa kanilang repleksyon ukol sa tanong na nasa kalatas.
2. Pagkatapos, pipili lamang ang guro ng tatlong estudyante na magbabahagi ng kanyang sagot.

**Sa paanong paraan mo pinahahalagahan ang mga pamahihin at paniniwala ng iyong mga magulang o mga lolo't lola?**

**V. Pagtataya:**

Panuto: Bumuo ng programang pangwika na maisasagawa sa loob ng dalawang araw. Tiyakin din ang mga gawain at tema ng programa kabilang na ang mga komite ng isasagawang aktibidad.

Petsa at Oras	Mga Gawain	Layunin	Estratehiya/ Pagpapatupad	Kagamitan	Mga Sangkot	Badyet

**Paraan ng Pagmamarka:**

- Tema ng Programa : 15 pts.
- Kaangkupan ng mga Gawain : 15 pts.
- Kahusayan ng Pagpapalano : 10 pts.
- Pagkamalikhain : 10 pts.
- 50 pts.

**VI. Takdang-Aralin:**

**Panuto:** Sumulat ng isang tanaga batay sa sagisag-kultura (cultural icon) ng inyong komunidad at lakipan ng larawan.

**Pamgat ng Tanaga**

**Larawan ng Sagisag-Kultura**

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_